

# May magagandang tanong tayong lahat tungkol sa pagpapabakuna



## Ang bakuna ba sa COVID ay...

### Libre? OO

- Walang bayad para makatanggap ng bakuna.
- Kung siningil ka ng bayad upang magpa-appointment o para makakuha ng bakuna, isa itong panloloko.

### Unibersal at accessible para sa lahat? OO

- Hindi mandatory na magkaroon ng RAMQ card o health insurance.
- Pangalan at petsa ng kapanganakan mo lang ang hihingin.

### Mandatory? HINDI

- Ang pagpapabakuna ay maring inirekomenda para sa buong populasyon na higit sa 16 na taong gulang (ang pinakamababang edad ay magbabago ayon sa kasalukuyang mga pag-aaral).

## Maaari bang mawala ang turno ko para mabakunahan?

### HINDI

Kapag turno ng grupo ng iyong edad na mabakunahan, maaari kang magpa-appointment. Ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng bakuna sa petsang iyon at pwede pa rin pagkatapos ng petsang iyon, kailan mo man nais na magpabakuna.

## Sa bakuna ng COVID-19, ako ba ay...

### Mahahawaan ng COVID-19? HINDI

- Ang mga bakunang inawtorisahan sa Canada ay walang buhay na virus, kaya imposibleng makuha ang sakit sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

### Magiging positibo sa COVID-19 test? HINDI

- Sinusuri lamang ng COVID test kung ang isang tao ay nahawaan o nagkasakit ng virus.

### Mayroon ba itong mga produktong mula sa hayop o tao na nakakalason? WALA

- Wala sa mga bakuna ang mayroong mga produkto na mula sa dugo, mercury, aluminum, formaldehyde, embryo cells, o kahit anong mga produkto na mula sa hayop.

### Delikado na ba kung gusto kong magkaanak? HINDI

- Walang ebidensya na may side effects ang mga bakuna sa COVID sa pertilidad o pagkabaog, samakatuwid ang mga bakuna ay hindi nakakaapekto sa kakayahang magbuntis o magdalang-tao nang buong siyam na buwan.
- Ang bakuna ay maaaring irekomenda para sa isang buntis o nagpapasusong ina para mabawasan ang panganib sa COVID-19 at maging mas protektado. Komunsulta sa iyong doktor.

### Pwede bang ma-trace? HINDI

- Hindi nagpapasok ang mga bakuna ng microchip sa ating katawan. Kapag makatanggap tayo ng isang bakuna sa COVID-19, hindi ibinibigay ang ating personal na impormasyon at hindi tayo sinusubaybayan. Naglalaman lamang ang bakuna ng mga sangkap na kayang sipsipin at tunawin ng katawan.



**Opération vaccination COVID-19**

Kapag naging available na ang bagong impormasyon tungkol sa mga bakuna, ia-update ang impormasyon sa publiko. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa [quebec.ca](https://quebec.ca) (sa French at Ingles). Kung kinakailangan, humingi ng tulong.

### **Epektibo ba ang pagbabakuna sa paglaban sa pandemic?**

Ang pagbabakuna ay isa sa pinakaepektibong paraan para protektahan ka laban sa COVID-19. Kaya nitong pigilan ang sakit o limitahan ang mga seryosong komplikasyon at maiwasan ang pagkamatay. Kapag mas marami ang nabakunahan, mas malamang na hindi na makapagparami ang virus. Paglipas ng panahon, mawawala ito, tulad ng nangyari sa maraming sakit.

**Sa kabuuan, pitong malulubhang sakit ang nakontrol ng mga bakuna: bulutong, dipterya, tetano, yellow fever, tusperina, polio at tigas.**

### **Ano ang side effects ng mga bakuna sa COVID-19?**

Ang masasamang mga epekto ng bakuna ay talagang kaunti lang kumpara sa malulubha at posibleng nakamamatay na mga resulta ng COVID-19. Pagkatapos matanggap ang bakuna, maaari kang makaramdam ng pananakit sa bahaging tinurukan. Maari mo ring maranasan ang sumusunod na mga epekto:

- Pagkahapo, lagnat o panggiginaw
- Sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan o kasukasan

Itong banayad hanggang sa katamtamang mga sintomas ay karaniwang nawawala pagkatapos ng 1 hanggang 2 araw.

### **Epektibo ba ang mga bakuna sa COVID-19?**

Labing-apat hanggang 28 araw pagkatapos ng unang dosis ng bakuna, ang isang tao ay may higit sa 80% tsansa na makabuo ng immunity sa COVID-19. Ang inirekomendang pangalawang dosis ay dinisenyo upang bumuo ng pangmatagalang immunity sa virus. Dahil sa mataas na lebel ng proteksiyon pagkatapos ng unang dosis, plano ng gobyerno na ibigay ang pangalawang dosis sa loob ng 120 araw (apat na buwan).

### **Ligtas ba ang mga bakuna sa COVID-19, kahit na ginawa ang mga ito nang mabilis?**

Sinunod ng Health Canada ang parehong mahigpit na mga protocol para sa mga bakuna. Sa harap ng pangglobong krisis laban sa COVID-19, ang paghahanap ng bakuna ay naging prayoridad sa lahat ng bansa. Bawat kailangang hakbang sa paggawa, pagsubok at balidasyon ng mga bakuna ay ginawa ayon sa kahusayan na walang kapantay.

Mula noon, sampu-sampung milyong tao ang nabakunahan sa buong mundo, na walang malubhang mga epekto at walang pagkamatay na kaugnay ng bakuna.

## Dapat ba akong magpabakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19?

Kahit nagkaroon na ng COVID-19 ang isang tao, mahalaga na mabakunahan para maging mas protektado. Ang mga taong nagkaroon ng COVID-19 at nabakunahan ay wala namang mas maraming masamang epekto.

## Bakit kailangan nating magpabakuna kung kayang talunin ng katawan ng tao ang COVID-19 sa natural na paraan?

Ang mga taong nabakunahan laban sa COVID-19 ay protektado mula sa sakit na ito. Mas malamang na hindi sila magkaroon ng mga sintomas o malubhang sakit.

## Mababago ba ng bakuna sa COVID-19 ang aking DNA?

**Hindi.** Ang paniniwalang ito na may kaugnayan sa messenger RNA na mga bakuna (Pfizer at Moderna) ay hindi totoo. Ito ay lubos na imposible para sa messenger RNA na mga bakuna na palitan ang genes ng isang tao. Hindi pumapasok ang bakuna sa loob ng nuclei ng cells kung saan naroroon ang DNA. Ang messenger RNA ay napakabilis na pinahihina ng cells.

## Epektibo ba ang mga bakuna sa COVID-19 laban sa mga variant?

**Oo.** Ayon sa pinakabagong available na data, ang kasalukuyang mga bakuna ay epektibo rin laban sa British variant. Nagpapatuloy ang mga pag-aaral sa iba pang mga variant sa buong mundo. Kung kinakailangan, ang mga bakuna ay binabago nang tama para lumaban sa ilang mga variant.

## Bakit kailangang ituloy ang pagprotekta sa sarili pagkatapos tumanggap ng bakuna sa COVID-19?

Kahit na sinasabing ang bakuna ay napakaepektibo, hindi ito nagbibigay ng 100% proteksiyon. Patuloy na tinitiyak ng mga hakbang na pangkalusugan na protektado ka at ang iba. Aabutin ito ng ilang mga buwan para ma-immunize ang napakalaking bahagi ng populasyon.



Para sa higit pang impormasyon  
at para magpa-appointment:



[Quebec.ca/vaccinCOVID](https://Quebec.ca/vaccinCOVID)



450 644-4545